Pangalan: ___________________________________________ Pangkat: _______
Petsa : ______________________________________________ Marka: _______

**WORKSHEETS 5**
**ARALING PANLIPUNAN 6**
**IKATLONG MARKAHAN**

**Kasanayan:** Natatalakay ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.
**Week 1**
*Nasusuri ang mga pangunahing suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972 Sa pamumuno nina Pangulong Manuel Roxas at Elpidio Quirino.*

**Manuel Roxas (1946-1948)**
Si Manuel Roxas ang nagsimulang magtayo ng ekonomiya ng isang bansang winasak ng digmaan. Kanyang ipinatupad ang ibang pangunahing mga prayoridad ng kanyang administrasyon gaya ng: industriyalisasyon ng Pilipinas, ang pagpapatagal ng malapit na kooperasyon at ispesyal na relasyon sa Estados Unidos, ang pagpapanatili ng batas at kaayusan at ang pagpasa sa Kongreso ng batas na magbibigay sa mga magsasaka ng 70% ng kabuuang kinitang ani.

## Panunungkulan ni Manuel Roxas

1. Manuel A. Roxas Unang Pangulo ng Ikatlong Republika ng Pilipinas Hulyo 4, 1946 - Abril 15, 1948 "Ang kapakanan ng lahat ng tao ang ating pangunahing tungkulin. Hindi kailangan ang panginoon o alipin sa sistema ng ating kabuhayan"
2. Marami ang mga suliraning kinaharap ni Pang. Roxas bilang pangulo ng bansadulot ng epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Katulong niya sa kanyang pamamalakad ang kanyang pangalawang pangulong si Elpidio Quirino at ang kasapi ng kanyang gabinete…
3. Ilan sa mga suliraning kanyang kinaharap ay ang sumusunod: ¬ pag-aangat sa lugmok na ekonomiya ng bansa na sadyang naapektuhan ng digmaan ¬ pagpapanatili ng pambansang seguridad na nanganib sanhi ng pagkilos ng mga HUK ¬ pagbubuklod ng mga Pilipinong nahati dahil sa isyu ng kolaborasyon.
4. Mga Progarama at Patakaran upang masolusyunan ang problema hinggil sa ekonomiya ng bansa ay isinagawa niya ang mga sumusunod: pagsasaayos ng elektripikasyon, pagsasanay sa mga gawaing bokasyunal, pagtatatag ng mga kaluwagan sa pagpapautang, paghikayat sa mga kapitalistang Amerikanong mamuhunan sa bansa
5. Sa panahon din ng panunungkulan ni Roxas ay binigyan ng pansin ang pagpapalaki ng produksiyong magpapaunlad ng industriya at pagsasaka. Maraming korporasyon o samahang itinatag upang mangalaga sa kapakanan ng mga magsasaka gaya ng mga sumusunod.
6. NARIC- National Rice and Corn Corporation NACOCO- National Coconut Corporation NAFCO- National Abaca and other Fibers Corporation Bukod sa mga korporasyon o samahang tumulong sa mga magsasaka ay binuo rin ni Roxas ang Rehabilitation Finance Corporation (RFC) upang tulungan ang mga tao at mga pribadong kompanyang makapagsimulang muli at makapagpanibagong-buhay pagkatapos ng digmaan.
7. Sistema ng Pangasiwaan ni Roxas sa ilalim ng pangasiwaan ni Roxas ay mahigpit niyang ipinatupad ang patakarang Pro-American at Anti-Communist. Sa kanyang termino ay naging matibay nag pakikipagkasundo ng Pilipinas sa Amerika ukol sa sumusunod:
   1. pagpapanatili ng mabuting relasyon ng Estados Unidos at Pilipinas
   2. pagtatayo ng mga base militar ng mga Amerikano.
   3. pagtiyak sa alalay na tulong ng Estados Unidos sa bansa sa panahon ng digmaan.
   4. pagpapatibay ng PARITY RIGHTS.

kahilingan ng Estados Unidos na mabigyan ang mga Amerikano na mabigyan sila ng pantay na karapatan tulad ng mga Pilipino sa paglinang at paggamit ng likas na yaman ng bansa. *subalit ang panunungkulan ni Roxas ay madaling nagwakas. Noong Abril 15, 1948 sa Clark Airbase, Angeles City, matapos siyang magtalumpati, inatake siya sa puso na naging daahilan ng kanyang pagkamatay. Humalili sa kanya bilang pangulo si Pangalawang Pangulong Elpidio Quirino.

**Elpidio Quirino ( 1948-1953)**

## Panunungkulan ni Quirino

1. Elpidio Quirino Pangalawang Pangulo ng Ikatlong Republika ng Pilipinas Abril 17, 1948 – Disyembre 30, 1953 "Ang una kong tungkulin ay ang pagpapanumbalik ng katahimikan at kaayusan at ang tiwala sa pamahalaan. Ang pangalawa ay ang pagbibigay ng kaginhawaan sa mga mamamayang nasa magulong pook"

LIVEWORKSHEETS

2. Hindi pa natatapos ang panunungkulan ni Roxas nang siya'y mamatay. Patuloy pa rin ang suliraning kanyang sinikap lutasin. Ito ang namana ni Elpidio Quirino nang siya ay manumpa bilang pangulo ng Republika. Sinuri ni Quirino ang kalagayan ng bansa upang maging batayan ng palatuntunan ng kanyang pamahalaan at nalaman niya…

3. Mga Suliraning Kanyang Kinaharap ang bansa ay nasa kritikal na kalagayan sa kabuhayan, pulitika at lipunan nang siya ang umupo bilang kahaliling pangulo ni Roxas. Ilan sa mga suliraning ito ang mga sumusunod

- pag-angat ng kabuhayan ng bansa,
- pagsugpo sa banta ng komunismo sa bansa,
- pagpigil sa ginagawang panliligalig ng mga kasapi ng HuK * pagbabalik ng tiwala ng taong-bayan sa kakayahan at katapatan ng pamahalaang nawla dahil sa malawakang kabulukan at katiwalian noong panahon ni Roxas.

4. Mga Programa at Patakaran Sa panahon ng administrasyong Quirino

- pinagtunan niya ng pansin ang pagpapaunlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng Industriyalisasyon. Upang maisulong nang lubos ang kanyang programa hinggil sa pagpapataas ng antas ng buhay ng mga Pilipino ay ipinatupad rin niya ang mga sumusunod…
- pagpapaunlad ng sistema ng patubig o irigasyon sa buong bansa na kailangan sa pagsasaka, *pagpapagawa ng mga lansangan upang mapabilis ang transportasyon partikular na ang mga farm-to-markets roads,
- pagsasagawa ng lingguhang pag-uulat sa taumbayan sa pamamagitan ng radyo at pahayagan ukol sa mga gawain ng kanayang administrasyon * pagtatatag ng President's Action Committee on Social Amelioration o PACSA upang matugunan ang pangangailangan ng mahihirap at nasalanta ng kalamidad
- pagpapatayo ng mga bangko rural na nagpapautang ng kapital sa mga magsasaka * pagtatatag ng Bangko Sentrla ng Pilipinas (BSP)
- Ngunit sa kabila ng ginawang pagsisikap ni Pang. Quirino na paunlarin ang kalagayan ng ekonomiya ng bansa ay patuloy pa ring dumanas ng hirap ang mga mamamayan dahil sa kakulangan ng bigas, mataas ang presyo ng mga pangunahing bilihin at kawalan ng trabaho ng mga tao.
- HUKBALAHAP • Ang pinakamalaking pangkat ng mga gerilya ay ang HUKBALAHAP (Hukbo ng Bayan laban sa Hapon) na itinatag ni Luis Taruc. Ito ay binubuo ng mga magsasaka mula sa Gitna at Katimugang Luzon.

Pagharap sa Suliranin sa HUK Isa sa mga ginawang hakbang ni Quirino upang masugpo ang paglaganap ng pananalasa ng mga Huk sa bansa ay ang pagpapalabas ng proklamasyon noong Hunyo 21, 1948 hinggil sa pagbibigay ng amnestiya (ganap na pagpapatawad) sa mga kaspi ng Huk na magsusuko ng kanilang sandata sa loob ng 50 araw.

**GAWAIN 1:**

**Pangalan: ______________________________________________ Iskor:__________**

**Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong at sagutin. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.**

1.Dahil sa tindi ng pinsalang dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naapektuhan ang pangkabuhayan at panlipunan ng bansa. Alin sa mga sumusunod na solusyon ang itinatag ng pamahalaan?

A. Pagsasaayos sa mga tirahan, taniman at kakulangan
B. Pagpapatapon sa mga squatters sa malayong lugar
C. Pagsasagawa ng malawakang pagbabagong pang tradisyun at kultura
D. Pag-angat sa usaping tradisyon at kagustuhan ng mga tao

2. Maliban sa pagpapunlad sa mga rural na komunidad upang makahikayat ang mga taong tumira , ano pa ang proyektong itinatag ng pamahalaan upang maiayos ang buhay ng mga mamasyal?

A. nagpagawa ng mga kalsada tulay at irigasyon
C. ginamit ang mga lupang sakahan para gawing subdibisyon
B. nagpatayo ng mga "mall" sa mga probinsya
D. Nagpagawa ng sugalan

3. Sadyang nagbago ang takbo ng kalakalan at kalinangan sa muling pagkatatag ng lungsod ng Maynila . matapos ang digmaan ay maraming mga Pilipinong nasa lalawigan ang pinilit na ukupahin ang mga lugar sa Lungsod Quezon at Maynila. Paano nakaapekto ang pangyayaring ito sa mga suliraning naranasan pagkatapos ng ikalawang digmaan?

A. Tumaas ang bilang ng populasyon ng mga nasa lungsod

LIVEWORKSHEETS

B. Kumunti ang mamayan sa lalawigan
C. Dumami ang taong nag "squat" ng mga lupaing di kanila
D. Tumaas ang lebel ng trabaho sa lungsod

4. Sa dami ng mga hamon at suliranin sakasarinlan pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig, allin ang HINDI nangangailangan ng agarang paglutas?

A. Muling pagbangon at maitayo ang mga nawasak na mga gusali
B. Pagresolba sa malaking kakulangan sa mga hayop na gagamitin sa pagsasaka
C. Pag-aangkop ng sistema ng edukasyon sa bagong kalagayan ng bansa
D. Pagsasaayos ng mga sakahan at taniman upang muling mapakinabanagan

5. Naging laganap ang isyu ng "squatting" o pag-ukupa sa mga tabi ng estero,riles,ilalim ng tulay,parke maging sa mga pribadong lupa ng mamamayan. Aling sangay ng pamahalaan ang angkop na tutugon sa suliraning ito sa panahon ng pagkatapos ng Ikalawang Digmaan?

A. National Housing Authority (NHA)
B. National Resettlement and Rehabilitation Administration ( NARRA)
C. National Grid Corporation ( NGC)
D. National Food Authority (NFA)

6. Malawak ang mga lupaing sakahan sa bayan nila Gng. Diosdado na angkop sanang taniman ng palay at mais ngunit naging kalbaryo sa kanila ang agwat o layo ng ilog sa kanilang lugar.Alin sa mga sumusunod ang angkop na solusyon sa suliraning ito?

A. pabahay sa tabing ilog
B. paglalagay ng mga dam at patubig
C. pagbibigay ng training sa pagsasaka
D. pagkakaloob ng libreng binhi ng mga tanim

7. Sa pagtatapos ng Ikalawang digmaang pandaigdig ay pinamunuan ni Pang. Manuel A. Roxas ang bansang Pilipinas.Alin sa mga hinarap niyang suliranin ang angkop sa solusyong paghiram sa ibang mayamang bansa ng magagamit na kapital?

A. pagkasira ng lahat ng mga paaralan sa bansa
B. pagbagsak ng moral at spiritwal ng mga Pilipino
C. suliranin sa salapi dulot ng pagkabangkarote ng pamahalaan
D. pagkasira ng mga makinarya sa pananim

LIVEWORKSHEETS

8. Patuloy ang pagdagsa ng mga taga lalawigan sa Lungsod Maynila at Lungsod Quezon sa pag-aakala nilang mas maraming oportunidad ang makikita ditto? Alin sa mga sumusunod ang magiging bunga ng suliraning ito?

A. Mas magsama-sama ang mga magkakamag-anak na nahiwalay

B. Mas patuloy na uunlad ang mga lungsod

C. Mas sisiskip ang Kamaynilaan at Lungsod Quezon

D. Mas lalakas ang 2 lungsod kung may sasakop pang ibang bansa

9. Noong matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig ay naging suliranin ang mabilis na pagtaas ng bilang ng mga Pilipino o tinatawag na populasyon sa mga pook-urban. Alin sa mga sumusunod ang implikasyon ng suliraning ito?

A. Mas maraming Pilipino ang nawiling mag-asawa sa pook-urban

B. Mas dumagsa ang mga naninirahan sa lalawigan sa lungsod

C. Naniniwala ang mga taga lalawigan na mas maraming opotunidad sa lungsod kaya dumagsa sila

D. Mas naaangkop ang kanilang paninirahan sa lungsod kaysa sa lalawigan

10. Nasunog ang ilang gusali ng hospital sa Maynila tulad ng Philippine General Hospital dahil sa kabila-kabilaang bomba na naranasan noong Ikalawang digmaang pandaigdig. Alin sa mga sumusunod ang implikasyon ng suliraning ito?

A. Mas maraming hospital ang dapat na itayo para sa mamayan

B. Mas kakailanganin ng pondo at maknarya sa pagpapatayo muli ng mga hospital

C. mas tataas ang bilang ng mga may suliranin sa kalusugan dahil sa kakulangan ng hospital

D. Mas baba ang bilang ng mga magkakasakit sa bansa

Ang Philippine Rehabilitation Act ay pinagtibay ng Kongreso ng Pilipinas

LIVEWORKSHEETS